



Ang Bayan at Mga Anak ng Bayan Bilang Pamilya: Ang Patuloy na Katuturan ni Tandang Sora sa Kasalukuyang Panahon

✽ Judy M. Taguiwalo ✽

Abstract

Long after her death and as we mark the 200th birth anniversary of Melchora Aquino, the “Mother of the Philippine Revolution,” her life and sacrifices for the country remain relevant.

Tandang Sora was already 84 years old at the outbreak of the 1896 Revolution to end the Spanish colonial rule in the Philippines. Her home and her farm became the sanctuary for members of the Katipunan, the organization that initiated the revolution. She fed the revolutionaries, ministered to the sick and considered them as her own children. She was captured and imprisoned and was exiled to Guam. When she finally returned to the country in 1902 at the age of 91, she refused the offer of a pension by the American colonial government. She reportedly said her participation in the revolution was never for personal benefit.

Tandang Sora remains alive because of her love of country, her courage and her sacrifices. Her immortality is not just reflected on the presence of monuments in her honor or streets and buildings named after her; she is immortal as a model for Filipino women who love this country and who continue to struggle for independence and democracy especially those women who, like Tandang Sora, are of an age that should merit them retirement.

There are those who say that Tandang Sora was unable to free herself from the stereotypical role of women as responsible for reproductive work—cooking and feeding members of the family and treating the sick. This trivialization of Tandang Sora’s contribution to the revolution is blind to the essential difference that her so-called reproductive work was in the public domain. She did not confine her definition of family to blood relatives but expanded it to include those who are bound together by the common objective of gaining independence from Spain.

This is the heroism of Tandang Sora—her embrace of the children of the revolution as her own children and her embrace of the nation as her own home.



Introduksyon

DALAWANG DAANG TAON NA mula nang ipinanganak si Melchora Aquino noong Enero 6, 1812. Pero patuloy na buhay si Tandang Sora sa alaala ng mga Pilipino at Pilipina.

Hindi naging usapin para kay Tandang Sora ang kanyang edad. Walumpu't apat na taong gulang (84) siya noong Rebolusyong 1896. Hindi siya nagdalawang isip na gawing kanlungan ang kanyang tahanan at bukirin para sa mga Katipunero. Walang pag-iimbot niyang ibinahagi ang palay at pagkain para sa mga anak ng bayan at ginamot ang mga sugatan. Sa taong din yun, hinuli at piniit si Tandang Sora sa Bilibid at pagkatapos ay dinistierro sa Guam. At sa kanyang pagbalik sa Pilipinas noong 1903, sa edad na 91, tinanggihan niya ang inalok na pension ng kolonyal na pamahalaang Amerikano. Ayon sa mga ulat, ipinaliwanag niya na ang kanyang paglahok sa rebolusyon ay hindi para sa sariling pakinabang.

Imortal si Tandang Sora. Dahil sa kanyang pagmamahal sa bayan at sa kanyang katapangan, nanatili siyang buhay. Hindi lamang palatandaan ng kanyang imortalidad ang mga monumento o mga kalye o mga bulwagang ipinangalan sa kanya. Imortal siya bilang modelo ng lahat ng kababaihang nagmamahal sa bayan at nakikibaka para sa kalayaan at demokrasya, laluna ang mga katulad niya na umabot na sa edad ng sana'y edad na ng pamamahinga.

May ibang magsasabing hindi rin naman nakaalpas si Tandang Sora sa pagkakahon sa kababaihan sa gawaing reprodutibo, o gawain ng mga babae sa loob ng tahanan: pagluluto, pag-aaruga sa mga may sakit. Hindi nila nakikita ang esensyal na pagkakaiba na ang gawain ni Tandang Sora para sa rebolusyon ay gawain sa pampublikong arena. Hindi niya nilimita ang kanyang pamilya sa mga kadugo. Pinalawak niya ang pagturing ng pamilya sa mga kaisa sa pag-iisip at kaisa sa dakilang proyektong mapalaya ang Pilipinas sa mga dayuhang mananakop. Ito ang kabayanihan ni Tandang Sora—ang pagturing sa mga



anak ng bayan na kanyang mga anak at sa bayan bilang kanyang tahanan.

Patuloy na may katuturan ang buhay at pakikibaka ni Tandang Sora sa kasalukuyan.

Unang Katuturan: Kalayaan mula sa Dayuhang Mananakop at Lupa para sa Mamamayang Pilipino

Ang Kagalang-galang, Kataastaasang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK o Katipunan) ay may malinaw na tindig kaugnay ng kalayaan mula sa mga dayuhan. Sa Agosto 1892 na dokumento ng Katipunan na may pamagat na “Kasaysayan”; “Pinagka-sundoan”; “Manga dakuilang kautusan,” isinatitig ang pangangailangang lumaban para bawiin ang bayan mula sa mapang-api at malulupit:

Yamang ang isang bayan, kapag pinag pupunuan nang lupit at laban sa kaniyang manga interes kailangan, manga tunay at tapat na hangad, ay mayroong katoirang ihapay ang namumuno o nag hahare na may ganoong asal, at kung dumating sa ganitong hanga ay hindi pag laban o kaliluhan kung di pag tatangol sa matapat na katoiran at pag bangon sa ningas nang hirap na pinag susukbahan sa kaniya.

Yamang hindi natatala sa alin mang Leyes o katoiran ang pag kamkamsa ano mang pamaan nang hindi niya pag aare, ay kaming mayare na tunay salupang ito, may katoirang humingi na isauli sa aming ang boong kapangyarihansa manga Kapuloang ito, bukod pa sa kami ay hindi nag kakailangan napanghimasukan at pamunuan nang taga ibang lupa kun ang guinagawa, gayangayon, pauang pag inis, pag lait, pag api at pag patay.¹

Buong pusong niyakap ni Tandang Sora ang adhikain ng Katipunan at naging tapat siya sa pinanumpaang ng mga kasapi ng Katipunan na “gugulin ang lahat ng maigugulol at lahat ng minamahal ko sa buhay “kung pagbabatayan ang kanyang pagbukas ng kanyang tahanan, ang kayang sakahan at ang kanyang ari-arian sa mga anak ng bayan.

Aking ipinahayag na sa kadahilanan ng pagkapatay ko sa K. K. NG MGA A. N. B. ay naghandog ako ng isang mahalagang panunumpa sa ngalan ng Bayang tinubuan, at sa harap ng isang kagalanggalang na kapulungan nitong katipunan, na gugugulin ang lahat ng maigugulol at lahat ng minamahal ko sa buhay, sa pagtatangol ng kaniyang banal na



Kadahilanan, hanggang sa abuting magdiwang, sukdang ikalagot ng hininga.
Sa bagay na ito, isinumpa ko ring lubos na tutupad at susunod sa kaniyang
Patnugutan at mga kautusan.

Sa katunayan nito, aking itinala ang aking pangalan ng tunay na
dugong tumatagbo sa aking mga ugat sa pahayag na ito.²

Sa ngayon, hindi maipagkakaila na ang panawagan at
adhikain ng Katipunan para sa kalayaan at ang pagtitiyak na ang
lupain ng Pilipinas ay para sa mamamayan ay may patuloy na
katuturan. Laging nasa balita ang kaliwa't kanan na demolisyon
sa maralitang tagalungsod. Karamihan sa nagsasaka sa ating
lupaing agrikultural ay hindi nagmamay-ari ng lupang kanilang
pinagyayaman. Nanatili ang kontrol ng mga dayuhan sa ating
bayan. Malalawak na lupain sa kanayunan at kabundukan ay
okupado ng mga dayuhang kompanya sa pagmimina, pagtotroso
at sa agribusiness. Nakabaon din tayo sa utang sa mga dayuhang
creditors—mahigit na P2 trilyong utang panlabas noong
Nobyembre 2011.³ Bagama't naibalik na ang Clark Air Base at
ang Subic Naval Base sa Pilipinas, nanatili ang mga tropang
dayuhan, partikular mga tropang Amerikano sa ating bansa bunga
ng RP-US Mutual Logistics Support Agreement (MLSA) at
Visiting Forces Agreement. Sa ngayon, may balak ang US na
magdadag pa ng mga tropa sa Pilipinas.⁴

Yamang ang isang bayan, kapag pinag pupunuan nang lupit at laban
sa kaniyang manga interes kailangan, manga tunay at tapat na hangad,
ay mayroong katoirang ihapay ang namumuno o nag hahare na may ganoong
asal, at kung dumating sa ganitong hanga ay hindi pag laban o kaliluhan
kung di pag tatangol sa matapat na katoiran at pag bangon sa ningas nang
hirap na pinag susukbahan sa kaniya.

Ang tula ng yumaong Amado Hernandez, Pambansang
Alagad ng Sining, unyonista at bilanggong pulitikal, “Kung Tuyo
na ang Luha mo Aking Bayan” ay nagsasalarawannang lugmok
na kalagayan ng ating bayan at ang pangangailangang lumaban.⁵

Lumuha ka, aking Bayan; buong lungkot mong iluha
Ang kawawang kapalaran ng lupain mong kawawa:
Ang bandilang sagisag mo'y lukob ng dayong bandila,
Pati wikang minana mo'y busabos ng ibang wika,



Ganito ring araw nang agawan ka ng laya,
Labintatlo ng Agosto nang saklutin ang Maynila,

Lumuha ka, habang sila ay palalong nagdiriwang,
Sa libingan ng maliit, ang malaki'y may libingan;
Katulad mo ay si Huli, naaliping bayad-utang,
Katulad mo ay si Sisa, binaliw ng kahirapan; Walang lakas na
magtanggol, walang tapang na lumaban,
Tumataghoy, kung paslangin; tumatangis,
kung nakawan!

Iluha mo ang sambuntong kasawiang nagtalakop
Na sa iyo'y pampahirap, sa banyaga'y pampalusog:
Ang lahat mong kayamana'y kamal-kamal na naubos,
Ang lahat mong kalayaa'y sabay-sabay na natapos;
Masdan mo ang iyong lupa, dayong hukbo'y nakatanod,
Masdan mo ang iyong dagat, dayong bapor, nasa laot!

Lumuha ka kung sa puso ay nagmaliw na ang layon,
Kung ang araw sa langit mo ay lagi nang dapithapon,
Kung ang alon sa dagat mo ay ayaw nang magdaluyong,
Kung ang bulkan sa dibdib mo ay hindi man umuungol,
Kung wala nang maglalamay sa gabi ng pagbabangon,
Lumuha ka nang lumuha't ang laya mo'y nakaburol.

May araw ding ang luha mo'y masasaid, matutuyo,
May araw ding di na luha sa mata mong namumugto
Ang dadaloy, kundi apoy, at apoy na kulay dugo,
Samantalang ang dugo mo ay aserong kumukulo;
Sisigaw kang buong giting sa liyab ng libong sulo
At ang lumang tanikala'y lalagutin mo ng punglo!

Ikalawang Katuturan: Kababaihang Nagmamahal sa Bayan

Ina ng Himagsikan. Ina ng Rebolusyon. Ito ang taguri kay Tandang Sora. Nararapat lamang ang ganitong katawagan sa kanya dahil sa mahigpit na pagyakap niya sa rebolusyong inilunsad ng Katipunan at hinarap niya ang sakripisyong kakambal ng ganitong landas: pagkakulong, interogasyon, distierro sa Guam.

Hindi si Tandang Sora ang una at hindi rin siya ang huling Pilipina na umalpas sa pananaw sa kababaihan bilang mahihina at pambahay lamang. Bago pa man sa kanya nariyan na ang kwento ni Prinsesa Urduja, na bagama't sinabing tauhang kathang-isip lamang ay nagbigay silip sa paglaban ng ating katutubong



ninuno sa mga mananakop. Nariyan si Gabriela Silang na humawak ng armas laban sa mga Kastila. Naririyang ang kababaihan ng Katipunan at ang makasaysayang listahan ng ating mga babaeng bayani na tumindig laban sa pananakop ng mga Amerikano, ng mga Hapones, naging bahagi ng Hukbo ng Bayan laban sa Hapon, ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan, ng New People's Army, ng paglaban sa diktadurang Marcos at hanggang sa kasalukuyan ay nagpapalaot sa iba't ibang uri ng pakikibaka para sa lupa, para sa kasarinlan, para sa katarungang panlipunan at para sa kalayaan.

Kadalasa'y bahagi ng pamilyang nakikibaka ang mga kababaihang tumindig at lumaban. Isa sa mga anak ni Tandang Sora, si Juan Ramos, ay kasapi ng Katipunan. Ang mga kapatid ni Jose Rizal, sina Josefina at Trinidad at si Paciano ay kabilang din sa Katipunan. Si Teresa Magbanua, ang tinawag na Heneral Isay ng Panay dahil pinamuan niya ang pagtambang sa mga Kastila, ay may dalawang kapatid na lalaki at tiyuhin na kasapi ng Katipunan.

Si Narcisa Paguibitan, ang lider-manggagawa ng panahong ng Amerikano ay isa sa mga namuno sa pangkalahatang welga sa Maynila noong 1934 na tumagal ng dalawang buwan. Galing sa pamilyang nagtatrabaho sa pagawaan ng tabako at sigarilyo, si Narcisa, ang ina na si Genoveva Ardan, ang mga kapatid na sina Emeteria, Placido at Hilario, si Marta Manahan, asawa ni Placido at si Benedicta Zamora, asawa ni Hilario ay mga hinuli, kinulong at kinasuhan ng sedisyon bunga ng welga.⁶

Si Concepcion Empeño at Linda Cadapan, mga ina nina Karen Empeño at Sherlyn Cadapan, ang mga estudyante ng UP na dinukot noong Hunyo 26, 2006 sa Bulacan at hanggang ngayon ay hindi pa nakikita, ay namulat bunga ng pagkawala ng kanilang mga anak. Natatransporma ang panimulang pagkilos para mahanap ang mga nawalang anak sa pagyakap na rin sa simulain at ipinaglalaman ng dalawang estudyante. Ayon kay Concepcion Empeño:



Namamayani sa ating bansa ang mga di-makataong polisiya ng pamahalaan. Dinukot ng mga militar, sila na dapat mga mabuting ehemplo ng mga kabataan, ang aking anak na si Karen Empeno. Kahayupan ang nangyari sa aking anak na babae mula nang siya ay dukutin, tortyurin at itago ni Gen. Jovito Palparan hanggang sa ngayon. Makatao ba ang isang gobyernong hinahayaang mamayani ang kawalang-pananagutan ng mga kriminal?

Paanong naging makabayan ang mga dumukot sa aking anak kung pinaparusahan nila ang mamamayang walang kasalanan? Nasaan ang takot nila sa Diyos kung puro kasalanan sa kapwa ang kanilang ginagawa?

Ngunit patuloy akong magiging makatao, makaka-babaihan, makabayan at maka-Diyos. Patuloy ko itong ituturo sa mga susunod na henerasyon. Ang pagsasampa ng kasong kriminal kay Gen. Palparan at sa kanyang mga tauhan sa pagdukot at pagtotyur sa aking anak at kay Sherlyn ay isang patunay sa aking tuluy-tuloy na paglaban para sa lipunang makatao at makabayan.

Ito ang aming ambag sa pagtataguyod ng katarungan sa ating bansa at para hindi na ito maulit pa.⁷

Sa pagiging aktibong bahagi ng kilusang makabayan, natatransporma ang pyudal na relasyon sa loob ng pamilya, ang pagiging sunud-sunuran ng kababaihan sa mga lalaki at sa matatanda; ang pagpigil ng mga magulang sa pagkilos ng kanilang mga anak tungo sa mas malawak na pananaw na ang pamilya ay kabahagi ng bayan at kung gayon ay hindi na limitado ang pag-aaruga at pagkakalinga sa mga kadugo na kaanak kundi kadugo sa simulain at pakikibaka. Ang ganitong transpormasyon ng relasyon ng mag-ina sa pakikibaka ay isinalarawan ni Ma. Lorena Barros (iskolar ng bayan, naging mandirigma ng New People's Army at namatay sa panahon ng batas militar) sa kanyang tulang "Ina"

Ina

Ano ang isang ina?
Mayamang hapag ng
gutom na sanggol
Kumot sa gabing maginaw
Matamis na uyayi
Tubig
sa naghahapding sugat.

Nguni't ano ang isang
komunistang ina?



Maapoy na tanglaw
 Tungo sa liwayway.
 Sandigang bato.
 Lupang bukal ng lakas
 sa digma.
 Katabi sa laban't
 Alalay sa tagumpay
 Ang ina ko.

—from a letter to her mother
 July 23, 1973⁸

Ikatlong Katuturan: Walang retirement sa pakikibaka

Ang pagyakap ni Tandang Sora sa rebolusyon sa edad na 84 at ang pagiging matatag niya sa harap ng pagkahuli, interogasyon at pagtapon sa kanya ay nagpapakita na walang kinikilalang edad ang pakikisangkot sa paglilok ng kasaysayan ng ating bayan sa pamamagitan ng pakikibakang panlipunan.

Namamalas ang determinasyong kawangis sa naging buhay ni Tandang Sora sa kasalukuyang mga lider kababaihan ng anakpawis na kumikilos para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya.

Si Inocencia Wenceslao, mas kilala bilang Nanay Bising, ay lider ng balangay ng Samahan ng Kababaihang Nagkakaisa (SAMAKANA) sa Sitio Veterans, Bgy. Bagong Silangan, Quezon City. Ang SAMAKANA ay organisasyon ng kababaihang maralitang tagalungsod na kasapi ng GABRIELA. Ipinanganak noong Enero 22, 1939 sa St. Bernard, Leyte sa isang pamilyang maralitang magsasakang lumipat ng Mindanao para sa hanapbuhay. Namulat si Nanay Bising sa pakikipaglaban sa lupang kinatitirikan ng kanilang bahay sa Davao City. Napilitang lumikas ng Maynila sa gitna ng matinding militarisasyon sa Davao noong panahon ng Alsa Masa nang ang pangulo ay si Corazon Aquino. Sa Maynila, patuloy ang kanyang pag-oorganisa sa kapwa maralita. (Para sa kwentong buhay ni Nanay Bising, tingnan ang tesis ni Lisa Marie Clemente.⁹)



Sa ginawa kong panayam kay Nanay Bising nitong Enero 2012, malinaw ang pag-ugnay niya ng kanyang buhay sa naging buhay ni Tandang Sora. Sa tanong na ano ang katuturan ni Tandang Sora sa kanya, ito ang kanyang naging sagot:

Sa kanya ako humugot ng lakas. Ang aking minimithing paglaya ay hindi lang para sa kababaihan kundi paglaya sa pagsasamantala.

Namamalas ang kanyang katatagan sa kanyang mga pahayag na “kumilos ka hanggang may lakas pa” at samantalain ang lakas habang malusog pa ang pag-iisip.” Dugtong pa niya, “kung wala akong namumulat sa loob ng isang linggo, kinukwestyon ko ang aking sarili.”

Kung may panghihinayang si Nanay Bising iyon ay ang pagkamulat niya noong 40 taong gulang siya. Para sa kanya na ngayon ay 73 taong gulang na “ang pagkilos ang nagbigay ng bitamina na nagpapalakas sa akin.”

Hindi nag-iisa si Nanay Bising sa ganitong komitment. Si Carmen Deunida, mas kilalang Nanay Mameng, ay 84 na taon nitong Pebrero 8, 2012.¹⁰ Lider ng Katipunan ng Damayang Maralita (KADAMAY), payat at maliit na babae si Nanay Mameng. Pero kilala siya bilang mahusay na tagapagsalita sa malalaking mobilisasyon sa Mendiola man o sa Ayala. Biktima ng kahirapan, biktima pa ng pambubugbog ng asawa, si Nanay Mameng ay palaban na bago pa man sumali sa organisasyon. Ang unang sinalihang organisasyon ay organisasyon ng kabataan sa komunidad noong batas militar, ang KADENA. Ganito ang pagsalaysay ni Nanay Mameng sa kanyang pagkamulat:

Noong 1978, doon sa aming komunidad sa Malate. ... natagpuan ko ang sarili ko kasama ng isang grupo ng kabataan. Doon sila nagpupulong sa bahay namin. Nakikinig ako habang nag-uusap sila. Sa isip ko noon, baka dito ko matagpuan ang kasagutan. Tinanong ko sila kung pwede akong sumali sa organisasyon nila. Sabi nila, “Nanay organisasyon ito ng kabataan. Tsaka Nanay sasama ka rin sa rally? Sinagot ko siya na gusto ko talagang sumali at matuto kaya pumayag na rin sila. Sumama ako sa mga rallies, eds, conference. Gusto ko sa unahan ako ng mga rally pero ayaw ng mga kabataan kasi raw baka mapukpok ako kaya ilinalagay ako sa unahan. Pero maya maya kunwari mag-CR ako pupuslit na naman ako sa unahan. Napapailang na lang ang mga kabataan sa akin, “Naku nanay ang tigas ng



ulo." Sabi ko naman, "Ayaw ko sa likod kasi di ko marinig ang sinasabi dito sa unahan."¹¹

Ano ang sagot ni Nanay Mameng sa tanong na kailan ka titigil?

Titigil lang ako kapag nasa loob na ako ng isang kahon. Doon lang. Pero hangga't ako ay may lakas ... hangga't naigagalaw ko ang aking mga paa, hangga't magagawa kong kumilos, kikilos at kikilos ako. Hindi ako susuko dahil kung tayo ay susuko, lalong walang mangyayari sa atin, Hindi uunlad ang ating buhay at lalo tayong mananatiling api-apihan. Mananatili ang pagyurak ng ating karapatan pati na ang ating karangalan.¹²

Wala sa lenggwahe ng matatandang kababaihang kumikilos ang usapin na lumilitaw sa mga internasyonal at lokal na mga kumperensya ng mga feminista kaugnay ng tinatawag na "intergenerational feminism" at ang usapin ng hindi pagbibigay puwang ng matatandang feminista sa mga kabataang feminista. Kadalasan patungkol ito sa mga pinuno ng mga NGO's para sa kababaihan na dekada o higit pang umuupo bilang Executive Director. Sa kilusan ng kababaihang mahigpit na nakakawing sa kilusang makabayan, lahat ng makakasama, bata, kabataan, matanda, babae, lalaki, bakla o tomboy ay mahalagang bahagi ng pagsusulong ng adhikain ng kilusan. Sabi nga ni Nanay Mameng: "Kapag nakikipaglaban tayo para sa bayan, hindi lang para sa atin ang inilalaban natin kundi para sa sambayanan. ... Kung magkakaisa tayo, mas malakas at magagapi natin ang kaaway."¹³

Pangwakas

Ang pamana ni Tandang Sora sa atin ay ang katotohanang walang kinikilalang kasarian o edad ang pagiging makabayan. Nanatiling may katuturan ang kanyang pamana—ang pagyakap sa bayan bilang pamilya at ang pagkalinga sa mga rebolusyonaryong anak ng bayan bilang mga anak. At ang kahandaang magsakripisyo hindi lamang para sa sariling pamilya kundi para sa bayan.



Si Tandang Sora at ang kababaihang nagmamahal sa bayan, lumalaban para sa bayan at handang magpapakasakit para sa bayan ay tapat sa mga aral ng Katipunan laluna sa aral nitong:

Ang kamahalan ng tao'y wala sa pagkahari, wala sa tangus ng ilong at puti ng mukha, wala sa pagkaparing KAHILILI NG DIOS, wala sa mataas na kalagayan sa balat ng lupa; wagas at tunay na mahal na tao, kahit laking gubat at walang nababatid kundi ang sariling wika, yaong may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri; yaong di napaaapi't di nakikiapi; yaong marunong magdamdam at marunong lumingap sa bayang tinubuan.¹⁴

Mabuhay si Tandang Sora, Mabuhay ang kababaihang anuman ang edad ay nagmamahal sa bayan at handang makibaka para makamit ang kalayaan nito.

Endnotes

1. "Kasaysayan"; "Pinag-kasundoan"; "Manga dakuilang kautusan," August 1892. Source: Archivo General Militar de Madrid: Caja 5677, leg. 1.34. <http://kasaysayan-kkk.info/docs.kasaysayan.htm>, accessed Enero 28, 2012.
2. Oath Source: Photograph of original document in Adrian E. Cristobal, *The Tragedy of the Revolution* (Makati City: Studio 5 Publishing Inc., 1997) p. 48. <http://kasaysayan-kkk.info/docs.memb.oath.htm>, accessed Enero 28, 2012.
3. National Statistical Coordination Board. "Economic and Financial Data of the Philippines." Last updated, February 14, 2012.
4. <http://www.nscb.gov.ph/sdds/nsdp.asp>. accessed February 24, 2012. <http://natoreyes.wordpress.com/2012/02/18/will-the-us-and-ph-extend-and-expand-military-logistics-agreement/> accessed February 24, 2012
5. Amado Hernandez. "Kung Tuyo Na ang Luha Mo Aking Bayan." <http://www.bulatlat.com/news/2-44/2-44-amado.html>. Accessed February 12, 2012.
6. Judy M. Taguiwalo. *Babae, Obrera, Unyonista, Ang Kababaihan sa Kilusang Paggawa sa Maynila (1901–1941)*, Quezon City: UP Press. 2011. p. 89.
7. "Panata ng Dalawang Ina." May 3, 2011. <http://desaparesidos.wordpress.com/tag/linda-cadapan/> accessed February 24, 2012.
8. Ang tula ay mula sa koleksyon ni Prop. Grace Concepcion ng Departamento ng Ingles ng UP Diliman bilang bahagi ng kanyang tesis para sa kanyang masterado.
9. Lisa Marie Clemente. Pagbalikwas: Kwentong Buhay ng Anim na Kababaihang AnakPawis. Tesis sa Masterado sa Araling Kababaihan at Kaunlaran. College of Social Work and Community Development, University of the Philippines. Abril 6, 2010. pp. 202–222
10. Ibid. pp. 185–201-
11. Ibid. p. 198
12. Ibid. p. 201.



13. Ibid. p. 197.

14. Emilio Jacinto. "Mga Aral nang Katipunan ng A.N.B."
<http://kasaysayan-kkk.info/docs.memb.kartilya.htm>, accessed January 28, 2012.